



Department of Agriculture

PHILIPPINE CARABAO CENTER

ISO 9001:2008

Mga Sakit ng Kalabaw



Paunang Salita

Layon ng ating pambansang programa sa pagpapaunlad ng lahi ng kalabaw ang mapag-igi ang nutrisyon, kita at kabuuang kagalingan ng mga pamilyang magbubukid sa kanayunan sa pamamagitan ng pangangalaga, pagpaparami, pagpapaunlad-lahi at pagtataguyod ng katutubong kalabaw bilang mahalagang mapagkukunan ng gatas, karne, lakas-pantrabaho at balat.

Kung gayon, mahalagang pagtuunan ng pansin ng mga magsasaka ang mabuting kalusugan ng kanilang mga alagang kalabaw upang masigurong makakamit ang mga benepisyo mula rito.

Bumababa ang kakayahan ng kalabaw na makagawa ng anak kapag ito ay maysakit. Nagiging sanhi rin ito ng pag-ikli ng kakayahang mamulog ng isang bulugan dahil maaari itong mahawa sa sakit.

Kung makabulog man, magiging sanhi ang bulugan ng pagkalat ng mga sakit na nagdudulot ng pag-agas sa kalabaw na buntis, kawalang-kakayahang magbuntis, at iba pa.

Karaniwan nang nakapagpapababa ng produksiyon ang sakit at kadalasa'y nauuwi sa pagkamatay ng hayop.

Sa babasahing ito, inilalahad ang iba't ibang uri ng sakit ng kalabaw na maaaring sanhi ng mikrobyo o virus, parasito, kakulangan sa sapat na bitamina at mineral at iba pang pisikal na problema ng hayop.

Sa paglalahad ng mga sakit na ito, mga sintomas, posibleng sanhi at mga paraan kung paano maiiwasan, magiging mabilis at tama ang pagtugon ng ating mga magsasakang nag-aalaga ng kalabaw na agarang maiwasan o di kaya'y malunasan ang sakit ng kanilang mga hayop.

Maaaring magsadya sa aklatan ng PCC o sa Applied Communication Section kung nais magkaroon ng babasahing ito.



LIBERTADO C. CRUZ
Executive Director

MGA NILALAMAN

Mga parasito sa loob at labas ng katawan ng kalabaw

2	Pagkakaroon ng Lisa o Kuto (Lice Infestation)
3	Galis (Mange)
4	Coccidiosis
4	Eye worms
4	Lung worms
5	Roundworms sa bituka ng tiyan
5	Liver fluke

Mga pangkaraniwang sakit ng kalabaw

6	Surra
7	Haemorrhagic Septicemia
8	Mastitis
10	Hardware Disease
13	Pagkalason (Poisoning)
14	Bloat

Mga karaniwang sakit ng buntis na kalabaw

- 16 Buwa ng Matres (Uterine Prolapse)
- 17 Buwa ng Labasan ng Guya (Vaginal Prolapse)
- 18 Mahirap na Panganganak (Dystocia)
- 19 Naiwang Placenta (Retained Placenta)

Mga di-pangkaraniwang sakit ng kalabaw

- 20 Tuberkulosis
- 21 Brucellosis
- 22 Antraks (Anthrax)

25 **Mga paraan upang maiwasan ang parasito**

26 **Mga gabay sa pagpupurga ng kalabaw**

27 **Mga sangay ng PCC sa Pilipinas**

Pagkakaroon ng Lisa o Kuto (Lice infestation or Pediculosis)

Ito ay panlabas na parasito (external parasite) na karaniwang laganap sa panahon ng tag-init (Disyembre-Mayo). Ang mga ito'y nananahan at nangingitlog sa balat ng kalabaw na napipisa pagkaraan ng 2-3 linggo at patuloy ito sa kanyang *life cycle* pagkatapos. Madaling naikakalat sa ibang hayop ang kuto kapag hinayaang dumami.



Mga palatandaan:

1. Pangangati o paghudhod ng kalabaw sa mga poste, pader, o iba pang matitigas na bagay.
2. Pagkakaroon ng kuto at mga itlog nito sa iba't-ibang bahagi ng katawan ng hayop gaya ng balat at buhok ng balikat, dibdib, tenga, noo at buntot.

Mga dapat gawin:

1. Regular na pag-i-isprey sa apektadong hayop ng angkop na insektisidyo gaya ng Amitraz.
2. Regular na pag-ahit ng kalabaw lalo na kung panahon ng tag-init.

Galis (Mange)

Ito ay ang kundisyong karaniwang nangyayari sa mga guya at maaaring maging malala dahil sa pananatili ng maliit na insekto sa loob ng balat ng kalabaw na nagdadala ng masidhing pangangati at pagkasira ng balat. Mabilis kumalat ang mga insekto na nagiging sanhi ng pagiging makapal at magaspang ng balat ng hayop.



Maaaring ito ay sanhi ng:

- Malimit na pangangati ng katawan ng hayop. Ikinikiskis ng kalabaw ang kanyang katawan sa iba't-ibang bagay na nagiging sanhi ng pagkasugat at pagkakaroon ng pasa sa katawan nito.

Mga dapat gawin kapag nalason ang alagang hayop:

- Gumawa ng pagsubok sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:
 - Tistisin ng *scalpel* ang isang maliit na piraso sa balat ng kalabaw.
 - Magpatak ng *mineral oil* sa *slide* ng mikroskopyo at ihalo ang tinistis na bahagi mula sa balat.
 - Suriin kung may makikitang mga insekto sa mikroskopyo.
- Ispreyan ng pamatay-insekto (amitraz) ang balat ng hayop kapag nakitang may insekto sa ginawang pagsubok.

Coccidiosis



Ito ay karaniwang makikita lalo na sa lumalaking guya. Karaniwan ito sa mga gatasang kalabaw at lumalala ang kundisyon kapag namalagi ang hayop sa maruruming lugar. Ang tanging sintomas ay *enteritis* o matubig na dumi na nahahalan ng dugo.

Eyeworms



Mga sintomas :

1. Iritasyon at pamamaga ng mata
2. Mga sugat at puting gasgas sa mata
3. Minsan ay makikita ang bulate kung titingnan ng malapitan ang mga mata

Lungworms



Mga sintomas:

1. Pag-ubo
2. Hirap sa paghinga
3. Mahina o walang ganang kumain
4. Mababa ang produksiyon ng gatas


Roundworm sa bituka ng tiyan



Mga sintomas :

1. Kawalan ng gana sa pagkain na nagiging sanhi ng pagbaba ng timbang at ng produksiyon ng gatas
2. Magaspang na balahibo
3. Paglaki ng tiyan
4. Maaari ring magkaroon ng pagtatae o pagti-TB

Liver fluke




Mga sintomas:

1. Kawalan ng gana sa pagkain
2. Pagbaba ng timbang
3. Pagtatae o pagsusuka
4. May *anemia*
5. Pamamaga ng ibabang bahagi ng panga nito o ng puson malapit sa tiyan
6. Magaspang na balahibo

inset photo from: http://www.hccmpw.org.uk/farming_and_industry_development/animal_health_and_welfare/liver

Surra (*Trypanosoma evansi*)

Ito ay isang delikadong sakit ng mga hayop na karaniwang dulot ng parasitong *Trypanosoma evansi*. Kadalasan itong naisasalin sa pamamagitan ng kagat ng bangaw na may dalang nabanggit na parasito. Dumadapo ang karamdamang ito sa iba't-ibang uri ng hayop kasama ang kalabaw at maaaring humantong sa pagkamatay.



Mga dapat gawin kapag hinihinalang may surra ang alagang kalabaw:

- Tumawag agad ng beterinaryo o *extension worker* na siyang kukuha ng *blood sample* upang suriin sa laboratoryo.

Mga palatandaan o sintomas ng Surra:


1. Pananamlay
2. Mataas na lagnat
3. Pamamaga ng hita at tiyan
4. Mabilis na pagbaba ng timbang o pamamayay
5. Paninilaw
6. Aborsiyon sa huling 3 buwan ng pagbubuntis



Wala pang pag-aaral na nagpapatunay na ang Surra ay may bantang panganib sa tao.

Haemorrhagic Septicemia (HS)

Ito ay sanhi ng baktirya na kung tawagin ay *Pasteurella multocida*.



Maaari itong makuha ng alagang hayop kapag nahantad sa masamang kundisyon tulad ng:

- Masamang panahon
- Kaunti at mahinang klase ng pakain sa pagtatapos ng tag-init
- Labis na paggamit dito sa trabaho lalo na sa simula ng tag-ulan
- Pagbibiyahe ng malayuan at siksikan sa sasakyan

Mga palatandaan o sintomas ng HS:

1. Madalas na paglalaway ng alagang hayop
2. May sipon
3. Pamamaga ng dila na inilalabas sa bibig
4. Pamamaga sa palibot ng leeg
5. Pamamaga sa *brisket*, *dewlap* at kung minsan ay sa ulo
6. Pamumutla at pagkakaroon ng lagnat
7. Pagtatae na may kasamang dugo



Ang pamamaga ay nagpapahirap sa paghinga. Ang hayop na may HS ay maaaring mamatay agad.

Paraan ng pagkalat ng sakit:

Ang baktirya mula sa laway at sipon ay maaaring mapunta sa tubig at pagkain. Nabubuhay ito sa loob ng ilang oras at maaaring maipasa sa ibang hayop na kakain at iinom sa parehong labangan.

Paraan ng pag-iwas:

Ang sakit na ito ay maaaring maiwasan sa pamamagitan ng pagbabakuna kada 6 na buwan

Mastitis

Ito ay pamamaga ng suso ng gatasang hayop. Maaaring maapektuhan ng mastitis ang 1, 2, 3 o lahat ng 4 na glandula ng suso.

Mga palatandaan o sintomas ng Mastitis:

1. Mataas na lagnat
2. Mahinang kumain
3. Mga suso na mainit, namamaga, matigas at masakit
4. Ang gatas sa *strip cup* ay malabnaw, namumuo, at naninilaw o kulay kape



Ang mastitis ay maaaring malala (acute) o talamak (chronic).

Tatlong klase ng talamak (chronic) na mastitis:

1. Hindi halata (chronic hidden mastitis) - ang alagang hayop at gatas nito ay mukhang normal nguni't kakaunti at mababa ang kalidad na nakukuha.
2. Banayad (chronic mild mastitis) - ang alagang hayop ay mukhang normal ngunit ang mga suso nito ay matigas, namamaga at masakit; ang gatas ay di-normal, malabnaw at may pagbabago sa kulay.
3. May pagliit ng glandula (chronic mastitis with gland shrinkage) - kapag hindi nagamot, pinapalitan ng *scars tissue* ang *gland tissue*. Tumitigas ang glandula at hindi na makapagpoprodyus ng gatas.



Pagsusuri at pagkumpirma:

1. Obserbahan kung ang alagang hayop ay may lagnat at mahinang kumain.
2. Suriin ang mga suso nito kung namamaga, matigas, namumula, mainit, at masakit.
3. Magsagawa ng *strip test* bago maggatas. Maglagay ng kaunting patak ng gatas sa *strip cup* mula sa 1 utong lamang. Ikalat ang gatas sa gitna ng *strip cup* at suriing mabuti. Linisin ang *strip cup* at suriin ang gatas mula sa iba pang utong.
4. Maaari ring magsagawa ng *California Mastitis Test (CMT)*. Mula sa magkakaibang utong, maglagay ng patak ng gatas sa magkakaibang butas ng *paddle*. Maghalo ng 2 ml na *reagent* sa bawat butas. Dahan-dahang galawin ang *paddle*. Kapag madaling dumaloy ang gatas at walang pamumuo, walang Mastitis ang inahin.
5. Maaari ring ipasuri sa laboratoryo ang gatas upang makita ang dami ng selula at baktiryang taglay nito.

Paraan ng paglunas:

1. Tumawag agad ng beteryaryo kapag nakitang may sintomas ng Mastitis ang alagang kalabaw.
2. Kukuha ng gatas ang beteryaryo upang suriin.
3. Kapag nakumpirmang positibo sa Mastitis, tuturuan ng *antibiotic* ang utong na apektado.
4. Maaari ring turukan ng *antibiotic* ang kalamnan ng alagang hayop o ang daluyan ng dugo nito kung makikitang ang hayop ay wala sa mabuting kundisyon.



Matapos bigyan ng *antibiotic* ang alagang inahin:

5. Huwag ipadala ang gatas sa *milk collection center* ng ilang araw. Magtanong sa beteryaryo kung kailan maaari nang ipadala ang gatas.
 - Huwag munang ipadala ang hayop para katayin. Komunsulta sa beteryaryo kung kailan ito puwedeng katayin.



Maaaring magkasakit ang mga tao na nakakain ng karne at nakainom ng gatas mula sa hayop na tinuruan ng *antibiotic*.

Pag-iwas sa Mastitis:

1. Pang araw-araw:

- Ugaliing paliguan o hugasan ang mga kalabaw matapos maglublob sa putikan.
- Linisin ang lugar na maaaring higaan ng alagang hayop.

2. Bago maggatas:

- Hugasang mabuti ang mga utong ng kalabaw ng malinis at dumadaloy na tubig.
- Patuyuin ang mga utong at suso sa pamamagitan ng pagpupunas ng malinis na tela. Gumamit ng isang tela sa bawat hayop.
- Tiyaking maiksi ang mga kuko ng maggagatas upang maiwasan ang pagkasugat ng mga utong ng kalabaw. Hugasang mabuti ang kamay at magbanlaw ng *disinfectant*.
- Kung gumagamit ng makina sa paggagatas, linisin at disimpektahin itong mabuti matapos ang paggagatas at tiyaking gumagana ito ng tama.

3. Habang naggagatas:

- Unahing gatasan ang mga hayop na walang Mastitis.
- Isunod ang pinaghihinalaang may Mastitis.
- Huling gatasan ang mga hayop na may Mastitis.
- Gatasan ang kalabaw nang nakataas ang hinlalaki.
- Tiyaking nakuhang lahat ang gatas lalo na kung hindi pinasususo ang guya.



Saluhin sa *strip cup* ang unang 2 hanggang 3 patak ng gatas at suriing mabuti.

4. Pagkatapos maggatas:

- Isawsaw ang mga utong ng inahing kalabaw ng dalawang beses sa *disinfectant solution* tulad ng:

- Hypochlorite solution (4% available chlorine)
- Chlorhexedine solution (0.5%)
- Iodophor solution (5,000 pp iodine)



Kung sumususo ang guya sa inahin, iwalay ito ng maaga. Ang pagkagat at paghila nito sa suso ay maaaring makapinsala dito at maging sanhi ng Mastitis.

5. Maagap na pagtuklas kung may sakit:

- Tingnan kung may mga pagbabago sa gatas, suso at pangkabuoang kundisyon ng alagang hayop.

6. Maagap na paggamot:

- Gamutin kaagad ang mga sugat sa suso ng alagang hayop.
- Gamutin kaagad ang lahat ng inahin na may Mastitis.

7. Pag-aalis ng hayop:

- Alisin sa kawan ang mga inahin na may paulit-ulit na Mastitis sa loob ng isang paggagatas.

8. Pagsusuri

- Suriing mabuti ang mga bagong hayop kung walang Mastitis bago isama sa dating kawan ng gatasang hayop.

9. Pabahay


- Iwasan ang maliit at masikip na kulungan.
- Panatiliing malinis ang kulungan upang huwag dumami ang baktirya.
- Panatiliing tuyo ang sahig at lagyan ng sapin ang higaan.
- Puksain ang mga langaw na maaaring magdala ng baktirya ng Mastitis.
- Iwasan ang madulas na sahig.

10. Talaan

- Gumawa ng talaan ng mga gatasang hayop na nagkaroon ng Mastitis at klase ng gamot na ginamit dito.

Hardware Disease o Wired Cow

Ito ay isa sa mga karaniwang sanhi ng pagkamatay ng mga kalabaw kung saan ang hayop ay nakakakain o nakalulunok ng mga metal o matatalim na bagay na nagsasanhi ng pagkabutas ng *reticulum* at iba pang mga katabing parte ng lamang-loob gaya ng atay, baga, at puso.



Mga palatandaan:

1. Biglaang pagsisimula ng *rumino-reticular atony*
2. Pagnguya o paglalaway na nakabukas ang bibig
3. Biglang pagbaba ng produksyon ng gatas
4. Hindi regular na pagdumi o pagtae
5. Mabilis at mababaw na paghinga
6. Hirap sa pagtayo (downer)
7. Kapag nakatayo, nakaarko ang likuran nito, atubili sa paggalaw, at hindi mapalagay sa kinatayuan
8. Normal ang temperatura ng katawan nito sa unang yugto ng sakit ngunit tumataas kinalaunan

Pagsusuri at pagkumpirma:

- Diinan ang *xiphoid* sa likod ng unahang paa. Maaaring umatungal ang kalabaw o gumawa ng ingay sanhi ng sakit.

Mga dapat gawin/ Paggagamot:

- Pag-opera sa rumen (*surgical rumenotomy*) na maaaring isagawa sa unang pagsibol ng sakit.

Pagkalason (Poisoning)

Ito ay maaaring sanhi ng pagkain ng:

1. Halamang nakakalason kagaya ng damong hagonoy, sobrang dami ng ipil-ipil at dahon ng sibuyas.
2. Damong nabomba ng pestisidyo.
3. Dayami na maraming urea.

Maaaring ito ay sanhi rin ng:

1. Aksidenteng pagkainom ng langis o *salt solution*.
2. Nabombahan o nalubog sa solusyon na maraming pamatay insekto.

Mga dapat gawin kapag nalason ang alagang hayop:

1. Alamin ang sanhi ng pagkalason.
2. Kung ang sanhi ng pagkalason ay mga halaman o damo na may pestisidyo, bigyan agad ang alagang hayop ng matapang na tsa o kape. Pinababagal nito ang pagkalat ng lason sa katawan ng hayop.
3. Tumawag ng beteryaryo.
4. Kung napakain ng sobrang dami ng urea, ang alagang hayop ay:
 - Bumubula ang bibig
 - Nanginginig at pasuray-suray
 - Hirap sa paghinga
 - May kombulsiyon




Maaari itong ikamatay ng alagang hayop. Kung nakalunok, bigyan agad ng 1 litrong suka.

Kabag (Bloat)

Ito ay sanhi ng hangin na naiipon sa loob ng *rumen* ng hayop.

Posibleng dahilan ng pagkakaroon ng Kabag:

Pagkain ng sobrang legumbre kagaya ng ipil-ipil, sitaw na sangambuko na karaniwang naoobserbahan sa buwan o panahon ng tag-araw. Ang ganitong klase ng damo ay umaalsa sa tiyan makalipas ang ilang oras matapos na ito ay kainin. Nagiging sanhi ito ng hirap sa paghinga at biglaang paglobo ng palabusugan (hunger hallow).



Mga palatandaan o sintomas ng Kabag:

1. Bahagyang paglawit ng dila.
2. Mabilis na paghinga.
3. Pamamaga ng kaliwang bahagi ng katawan sa pagitan ng hulihan ng tadyang at ng buto sa balakang (palabusugan).
4. Palagiang pag-ihi at pagdumi ng kakaunti.
5. Pagpadyak ng mga paa.

Mga dapat gawin kapag may kabag ang alagang hayop:

1. Maglagay ng karaniwang sabong panlaba sa bibig ng alagang hayop o 500 ml ng *mineral oil* (halimbawa, peanut o linseed oil), o kaya ay 100 ml ng *turpentine* sa matandang hayop bilang *drench*.
2. Kapag hindi makalunok ang hayop, maaaring gumamit ng tubo o *stomach tube*.

1. Sa panahon ng kagipitan, kailangang butasin o pilasin ang rumen gamit ang *trocar and cannula* o matalas at matulis na kutsilyo upang maiwasan ang pagkamatay ng alaga.
2. Pagkatapos malunasan ang kabag, maaaring maiwasan ang pag-ulit nito sa pamamagitan ng:
 - Pagpapalakad sa hayop
 - Pagpapanatili sa hayop na mataas ang harapang bahagi kaysa likuran
 - Paglalagay ng patpat na pahalang sa bibig upang makalabas ang sobrang hangin.



Kumilos nang mabilis upang maiwasan ang pagkamatay ng alaga.

Buwa ng Matres (Uterine Prolapse)

Ito ay karaniwang nangyayari sa panganganak. Ang malaking laman na mapula at may malalaking bukol o *cotyledons* ay makikitang nakausli o nakalabas sa ari o sa *vulva* pagkatapos manganak. Ang ganitong kaso ay nakababahala subalit maaaring itama. Gayunpaman, kung malala ang mga pasa o pagkapilas ng ari ng hayop dahil sa pagtatangkang hilahin ang guya palabas, maaaring magkaroon ng kumplikasyon.



Mga dapat gawin:

Tumawag agad ng beteryaryo. Habang hinihintay ang beteryaryo:

1. Gawing komportable ang alagang hayop at huwag pabayaang malapitan ng mga ibon, aso, langaw, at iba pa.
2. Alisin ang ihi at dumi at iba pa sa palibot ng lumabas na laman.
3. Balutin ang laman ng malinis na tela.
4. Makatutulong din ang paglalagay ng asukal, yelo o malamig na tela sa lumabas na laman upang maiwasan ang pamamaga (*cold compress*).

Buwa ng Labasan ng Guya (Vaginal Prolapse)

Ito ay karaniwang nakaaapekto sa mga alagang kalabaw sa huling buwan ng pagbubuntis. Ang bahagi ng labasan ng guya ay nakausli sa *vulva*. Sa una, ang buwa ay maaaring makita kapag ang hayop ay nakahiga, at nawawala kapag ito ay nakatayo. Maaari pang lalong mapinsala ang bahagi ng ari ng hayop na nakalabas kapag ito ay nakaladkad sa lupa, o natuka ng ibon.

Upang maiwasan ito, itali ang hayop sa lugar kung saan ang likurang bahagi ng katawan nito ay mas mataas kaysa sa unahang bahagi.



Tumawag agad ng beteryaryo kapag ang ari ng hayop ay nanatiling nasa labas ng *vulva*.

Mahirap na Panganganak (Dystocia)

Mga sanhi:

Sa Bulo

- Di-pangkaraniwang laki ng bulo
- Disposisyon o maling posisyon ng bulo
 - Abnormal na postura ng binti, palihis na posisyon ng ulo at leeg, at patagilid na posisyon ng bulo
- Di-pangkaraniwang paglabas ng bulo (nauuna ang paa ng bulo taliwas sa normal na ulo ang nauuna)



Palatandaan:

- Kapag ang paglabas ng bulo ay umabot ng mahigit 2 oras o kung ang inahin ay huminto sa pag-ire.

Paraan ng pag-iwas:

- Tumawag ng beterinaryo para sa maagap na paggamot sa anumang sanhi ng *dystocia*.

Naiwang Placenta (Retained Placenta)

Ang *placenta* o inunan ay karaniwang lumalabas sa loob ng 12 oras pagkapanganak. Kapag hindi ito kaagad natanggal sa loob ng 24 oras, ito ang tinatawag na *retained placenta*. Ito ay makikitang nakalawit mula sa ari ng inahin.

Mga posibleng sanhi:

1. Ang kakulangan sa *calcium* ay maaaring isa sa mga dahilan. Ito ay karaniwang nangyayari pagkatapos ng aborsiyon at sa mga kasong tulad ng *dystocia* o hirap sa panganganak.

Mga palatandaan:

1. Matinding pag-iire ng kalabaw
2. Nakabitin na inunan sa puwerta o ari ng kalabaw

Mga paraan ng pag-iwas:

1. Hilahin ang inunan na nakalawit pero huwag masyadong pilitin dahil maaaring masugatan ang *uterine mucosa*. Huwag ituloy ang paghila kung mahigpit ang pagkakadikit. Maaari itong mauwi sa pagkakasakit ng inahin gaya ng lagnat, pananamlay, o impeksiyon sa matres. Tumawag ng beterinaryo o *extension worker*.
2. Huwag talian ng bato o ano mang mabigat na bagay upang maalís ang inunan dahil maaaring masugatan ang *uterine mucosa*. Kapag nasira ito, maaaring mahirapan na magbuntis ulit ang inahin.
3. Pagkalipas ng tatlong araw, ito ay hihilahin ng *extension worker* upang ito ay madali nang maalís. Pagkatapos ay maaari nang lagyan ng *antibiotic bolus* ang matres o bahay-guya.
4. Pakainin ang hayop nang tama at may sapat na *Calcium* at *Phosphorus*.

Tuberkulosis (TB)

Ang sakit na ito ay nakahahawa sa tao. Gayundin, ang taong may sakit na TB ay maaaring makahawa sa kanyang alagang kalabaw.

Mga palatandaan:

1. Pag-ubo
2. Sugat sa bibig at lalamunan
3. Pagbaba ng timbang
4. Pagkakaroon ng malaking kulani



Agad tumawag ng beterinaryo at huwag subukang gamutin ang alagang hayop.

Paraan sa pagkontrol ng TB:

1. Sa Hayop:

- Ugaliin ang pagsasagawa ng regular na pagsusuri sa mga alagang hayop tuwing 6 o 12 buwan.
- Patayin ang mga hayop na kumpirmadong may TB.

2. Sa Tao:

- Ugaliing magpasuri sa pamamagitan ng *X-ray* o *TB intradermal test* sa pinakamalapit na *health center* kung naatasang mag-alaga ng kalabaw.
- Huwag uminom ng gatas na nagmula sa hayop na may TB.

Brucellosis

Ang sakit na ito ay nakahahawa sa tao. Ito ay maaaring magdulot ng lagnat, pagkabaog, at aborsyon sa apektadong buntis.



Posibleng dahilan ng pagkakaroon ng Brucellosis:

1. Pagkain at pag-inom ng mga pagkain at gatas na nagtataglay ng mikrobyo.
2. Sugat na napasukan ng mikrobyo.
3. Pagpapalahi.

Mga palatandaan ng Brucellosis:

Sa inahin:

- Aborsiyon sa huling apat na buwan ng pagbubuntis
- Paglabas ng patay na bulo
- Hindi paglabas ng inunan
- Pagbaba ng produksiyon ng gatas

Sa bulugan:

- Pamamaga ng bayag

Antraks (Anthrax)

Ito ay sanhi ng baktirya na maaaring makaapekto sa lahat ng hayop gayundin sa tao. Maaaring maapektuhan ng sakit na ito ang tao sa pamamagitan ng pagkain ng karne mula sa hayop na may antraks, at pagkalahap ng baktirya o *spores* na nabubuhay sa balahibo at balat ng apektadong hayop.



Mga sintomas ng Antraks:

- Pananamlay
- Mataas na lagnat
- Hirap sa paghinga
- Hirap sa paglakad o kaya ay sumusuray
- Panghihina at biglaang pagkamatay na may pagdurugo sa ilong at sa puwitan
- Hindi pagtigas ng karne kapag namatay ang hayop

Mga posibleng panggagalingan ng Antraks:

- Pagkahawa
- Paglanghap sa duming may *spores*

Mga dapat gawin kapag may kaso ng Antraks:

1. Tumawag agad ng beteryaryo o *extension worker* na siyang kukuha ng *blood sample* o *smear* upang suriin.
2. Kapag namatay ang hayop, huwag itong dalhin sa ibang lugar o kaya ay huwag hayaang madikit ang anumang bagay dito.
3. Ilibing ang hayop sa hukay na hindi bababa sa 1.8 metro ang lalim. Takpan ng apog at bakuran ang buong lugar.
4. Sunugin ang lupa, hinigaan at ang anumang bagay na napadikit sa namatay na hayop.
5. Maghugas ng mabuti o kaya'y maligo pagkatapos humawak sa patay na hayop.
6. Pakuluan ang damit sa loob ng 20 minuto bago labhan at muling gamitin.
7. Panatilihing malayo ang malusog na hayop sa lugar na apektado ng sakit.

Mga paraan upang maiwasan ang parasito

1. Panatilihin ang kalinisan sa alagang hayop, mga kagamitan at kulungan.
2. Panatilihing nasa kulungan ang mga alagang hayop. Mas makabubuting putulin ang mga damo at ibigay sa mga hayop.
3. Huwag pakainin ang mga alagang hayop sa lupa.
4. Iwasang pagsama-samahin ang maraming hayop sa iisang kulungan. Bigyan ng sapat na lugar ang bawat hayop.
5. Kung ipapastol ang alagang kalabaw, gumawa ng plano para sa gagawing pastulan at hatiin ito sa mga bahagi.
6. Ilipat-lipat ang mga alagang hayop sa pastulan at sa iba pang pastulan araw-araw. Karamihan sa mga itlog ng parasito na nasa isang bahagi ng pastulan ay namamatay bago pa muling maipastol dito ang mga hayop.
7. Makabubuti rin sa pastulan ang pagpapaikot-ikot ng pagpapastol upang may panahon sa pagpapanibagong tubo.
8. Ilayo ang mga hayop sa mga basang lugar na may mga kuhol o susó na siyang nagdadala ng mga *fluke* sa hayop. Patuyuin ang mga basang lugar kung saan maraming susó.
9. Ihiwalay ang may sakit na hayop.
10. Bigyan ng tamang gamot sa tamang oras ang alagang hayop na may sakit.

Mga gabay sa pagpurga ng kalabaw

Generic Name	Brand Name	Indikasyon	Dosis
1. Albendazole drench	1. Albex® 2. Endospec® 3. Albendazole 10% 4. Valbazen® 5. Kabezen® 6. Zodalben®	Roundworm Tapeworm Fluke	10 ml bawat 100 kilo na timbang ng kalabaw <i>(Paalala: Ang gatas ng inahin ay hindi maaaring inumin ng tao tatlong araw matapos bigyan nito. Sa bulo lamang maaaring ipainom ang gatas nito.)</i>
2. Piperazine citrate (pakete)	1. Piperex® 2. Prazine®	Roundworm	45 gramo pakete, ihahalo sa pakain o sa isang basong tubig at ipainom sa hayop
3. Fenbendazole	1. Pakyaw 25 g (pakete) 2. Fencare 4% premix 3. Fencare 10% (drench) 4. Panacur 4%	Roundworm Tapeworm Fluke "in high dose"	Bulo: 1 pakete 6 na buwan - 1 taon: 2 pakete 1 - 2 taon: 3 pakete - 150 - 300 kilo: 3 - 6 pakete - 300 kilo pataas: 6 - 8 pakete 30 gramo sa bawat - 100 kilo timbang ng hayop 3 ml sa bawat 40 kilo timbang - 30 gramo sa bawat 40 kilo timbang

4. Ivermectin 1% (injection)	1. Ivomec 1% (injection) 2. Biomectin	Roundworm Lungworm Mangement Suckinglice	1 ml sa bawat 50 kilo timbang 0.2 ml sa bawat 10 kilo ng timbang
5. Doramectin 1% (injection)	Dectomax® (ito ay hindi dapat gamitin sa gata-sang inahin)	Roundworm Lungworm Mangement Eyeworm External parasites (lice)	1 ml sa bawat 50 kilo ng timbang
6. Levamisole (powder at injection)	1. Ripercol L® 2. Famorga®	Nematodes	10 - 15 gramo bawat 100 kilo timbang ng hayop. Ihalo ito sa pakain o sa 1 basong tubig at ipainom sa hayop. <i>(Paalala: Ang gatas ng inahin ay hindi maaaring inumin ng tao tatlong araw matapos bigyan nito. Sa bulo lamang maaaring ipainom ang gatas nito.)</i>
7. Triclabendazole	Ripercol L® (Tridabendazole 5%)	Flukes (Fasciola sp.)	2 ml sa bawat 10 kg ng timbang
8. Rafoxanide Suspension	Rafocip®	Flukes (Fasciola sp.)	4 ml sa bawat 10 kg ng kalabaw. Magdagdag ng 18.75 ml sa bawat 50kg timbang

Patnugutan

Punong Patnugot Rowena G. Bumanlag

Mga Teknikal na Patnugot Claro N. Mingala

Nancy S. Abes

Lay-out at Disenyo Joahna G. Goyagoy

Mga Katulong na Patnugot Patricia S. Quiboloy

Ramil C. Carbonel

Kasangguni Anselmo S. Roque

Hepe, KRMD Eric P. Palacpac

Pinunong Tagapagpaganap Libertado C. Cruz

PHILIPPINE CARABAO CENTER ©

*Iminumungkahi ang pagpapakalat o pagkopya ng mga
impormasyon sa babasahing ito nang may akmang
pagkilala para sa Philippine Carabao Center.*

Mga sangay ng PCC sa buong Pilipinas

PCC National Headquarters and Gene Pool

National Headquarters and Gene Pool
Science City of Muñoz, 3120 Nueva Ecija
Tel. No. 63 (044) 456-0731 to 34
Fax No.: 63 (044) 456-0730
E-mail: pcc-oed@mozcom.com

LUZON

PCC at Cagayan State University

Piat, Cagayan
Telefax: (078) 844-6395
Cellphone: 0916-752-8507
E-mail: pccpiat07@yahoo.com

PCC at Don Mariano Marcos Memorial State University

Rosario, La Union
Telefax: (072) 712-0118
Cellphone: 0928-355-6029/0908-864-9975
E-mail: pccdmmmsu95@yahoo.com

PCC at Mariano Marcos State University

Batac City, Ilocos Norte
Telefax: 077 792-3187
Cellphone: 09174101527
E-mail: gmrrrecta@yahoo.com

PCC at Central Luzon State University

Science City of Muñoz, Nueva Ecija
Landline: (044) 456-5238
Cellphone: 09177579626
E-mail: fvmamuad@yahoo.com
pccclsu@yahoo.com

PCC at University of the Philippines at Los Baños

Los Baños, Laguna
Telefax: (049) 536-2729
Cellphone: 0919-791-3105
E-mail: arneldb_25@yahoo.com

VISAYAS

PCC at Visayas State University

Baybay City, Leyte
Telefax: 053-335-5648
Cellphone: 0915-288-9123/0929-600-5995
E-mail: fgabunada@gmail.com

PCC at La Carlota Stock Farm

La Granja, La Carlota City
Telefax: (034) 735-0121
Cellphone: 0928-361-3533
E-mail: pccclcsf@yahoo.com

PCC at West Visayas State University

Calinog, Iloilo
Telefax: (033) 320-2445
Cellphone: 0919-809-6791
Email: pccwvsu@yahoo.com

PCC at Ubay Stock Farm

Ubay, Bohol
Telefax: (038) 518-5598
Cellphone: 09182616561
E-mail: pccubay.usf@yahoo.com

MINDANAO

PCC at Mindanao Livestock

Production Complex

Kalawit, Zamboanga del Norte
Cellphone: 0918-919-4407/0918-919-4473
E-mail: cecelio_71@yahoo.com
pccmlpc_09@yahoo.com

PCC at Central Mindanao University

Musuan, Bukidnon
Cellphone: 0939-133-9815
Email: lcparaguas_pcc@yahoo.com

PCC at University of Southern Mindanao

Kabacan, North Cotabato
Telefax: (064) 248-2250
Cellphone: 09193970872
E-mail: usm_pcc@yahoo.com

PCC at Mindanao State University

Marawi City, Lanao del Sur
Cellphone: 0918-909-9765
E-mail: pendatunm@yahoo.com.ph
masanangp@gmail.com